



PARA SA AGARANG PAGLABAS

Pahayag ng Lungsod ng Brampton sa kumpirmadong kaso ng Brampton Transit COVID-19

Martes, Marso 24 2020

Noong Lunes, Marso 23, sinabihan ang Lungsod ng Brampton na ang isang Transit Operator mula sa ating pasilidad sa Clark ay nasuring positibo sa COVID-19. Ito ang unang kumpirmadong kaso ng Brampton Transit.

Nakipag-ugnayan na ang ating team sa Operator na ito na nag-self-isolate sa bahay.

Sa panahong ito, ang nangungunang prayoridad ng Lungsod ay magbigay ng suporta sa apektadong indibidwal at kanilang pamilya, at patuloy na tumulong sa pagprotekta sa kaligtasan at kalusugan ng ating mga empleyado at komunidad.

Kaagad nang maabisuhan ang Lungsod, kaagad na kinontak ng staff ang Peel Public Health at mula noon ay nakikipag-ugnayan na sa kanila. Ang Public Health ay diretsong nakikipag-ugnayan sa mga empleyado na nagkaroon ng malapitang kontak sa Operator na ito. Ang mga kinontak na empleyado ay tatanggap ng payo mula sa Public Health tungkol sa susunod na mga gagawin, kabilang ang tagubilin na ihiwalay ang sarili sa loob ng 14 na araw mula sa kanilang pagkakalantad at susubaybayan para sa mga sintoma. Ipinahihiwatig ng Peel Public Health na walang karagdang panganiib sa mga sumasakay sa Transit bus kaysa panganiib sa pangalahatang komunidad.

Sa panahong ito, natukoy na ang operator ay nagtrabaho sa sumusunod na mga ruta noong Marso 10, 11, 12, at 13:

- 11 Steeles
- 51 Hereford
- 53 Ray Lawson
- 57 Charolais

Nagtutulungan ang Peel Public Health at ang Lungsod ng Brampton para lubos na maunawaan ang detalyadong panahon.

Ang mga tao sa mga bus na nirerebyu sa mga araw sa itaas na maganda ang pakiramdam, walang mga sintomas, ay dapat magpatuloy sa kanilang araw-araw na mga nakaugalian at hindi tumawag sa Public Health. Kung magkakaroon ka ng mga sintoma, tumawag sa Peel Public Health. Kung mangangailangan ka ng emergency na medikal na tulong, pakitawag sa 911.



Tinitiyak ng Lungsod sa komunidad na patuloy nitong gagawin ang lahat para makatulong sa pagprotekta sa kaligtasan ng ating mga empleyado, mga customer at mga komunidad.

Nananatiling may-bisa ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-disinfect. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga surface, mga compartment ng operator at mga upuan kada 48 oras. Sa panahong ito, nagdi-disinfect tayo kada 24 oras. Ang mga pasilidad at mga silid-kainan, mga mesa, mga counter at mga hawakan ng pintuan ng terminal ay nililinis at dini-disinfect dalawang beses kada araw.

Para suportahan ang social distancing para sa mga operator at mga pasahero:

- Nililimitahan ang mga karga ng bus sa mga nakaupong kalahating-puno na kapasidad.
- Pagpasok sa bus sa pintuan sa likod at may bisa ang walang bayad na pamasaha. Bukod pa, naglalagay tayo ng plastic na parang kadenang harang para magbigay ng espasyo sa pagitan ng mga operator at mga pasahero, habang pinapayagan ang mga may-kagamitan sa paggalaw-galaw na patuloy na sumakay sa pamamagitan ng mga pintuan sa harap.
- Sa mga mas abalang ruta, ang mga articulated bus ay inihanda para makatulong sa kakayahan ng mga pasahero na panatilihin ang social distancing habang nakasakay.
- Tinutukoy ang mga upuan gamit ang yellow tape at hinihiling ang mga pasahero na huwag umupo sa mga upuang ito.

Ang Lungsod ay patuloy na mahigpit na nakikipagtulungan sa ating mga partner sa Peel Public Health. Kahit na nagpapatuloy ang kanilang imbestigasyon, ibibigay ang bagong impormasyon kapag available na.

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca.

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca



BRAMPTON

Service and Information Update

